Mga Bagay na May Kinalaman sa EOC 2009- 2010

Sino Kami

Ang Equal Opportunities Commission (EOC) ay itinatag ayon sa batas para ipatupad ang lahat ng mga patakaran ng Hong Kong laban sa diskriminasyon, katulad ng Sex Discrimination Ordinace (SDO) o Batas Laban sa Diskriminasyon ng Dahil sa Kasarian; ang Disability Discrimination Ordinance (DDO), o Batas Laban sa Diskriminasyon ng Dahil sa Kapansanan (Disability Discrimination Ordinance); at Race Discrimination Ordinance (RDO) o Batas Laban sa Diskriminasyon ng Dahil sa Lahi.

Ang Aming Mga Gawain

- Mag-imbestiga ng mga reklamong isinampa sa ilalim ng apat na batas kontra diskriminasyon at magsikap na pag-ayusin ang magkabilang panig
- Magbigay ng legal na tulong sa mga nagreklamo
- Magturo at magpalaganap ng impormasyon
- Pag-aralan ang batas at magtakda ng panuntunan
- Magsagawa ng pag-aaral tungkol sa mga usaping may kinalaman sa diskriminasyon at pagbibigay ng patas na pagkakataon

Mga Nagawa sa Nagdaang Taon

- May HK$12 milyon na nakolekta para sa mga biktima sa pamamagitan ng pag-aayos ng magkabilang panig at pagbigay ng legal na tulong
- Ang 62% ng mga reklamo ay matagumpay na nagawan ng solusyon sa pamamagitan ng pag-aayos ng magkabilang panig
- Maraming mga susog ang naisakatuparan para sa mas maayos na pagpapatakbo ng ahensiya
- 75,000 katao ang bumisita sa aming website sa bawat buwan
- Mahigit 80,000 katao ang tumanggap ng bawat sipi ng pahayagan ng EOC
- 57,000 mag-aaral ang nakapanoond ng mga palabas ng EOC
- 32,000 mga katao ang sumailalim sa aming pagsasanay, kabilang ang mga employer, manggagawa at iba pang miyembro ng publiko
- 15,000 katanungan ang nasagot sa pamamagitan ng aming hotline, at 1,114 na reklamo ang nabigyan ng katugunan
- HK$ 1,560,000 ang naipamahagi sa 63 organisasyon sa pamamagitan ng pag-pondo ng mga proyektong may kinalaman sa pagpapalaganap ng patas na pagkakataon para sa lahat

- 10,000 kabahayan ang nakilahok sa Racial Acceptance Survey o Pag-aaral sa Pagtanggap ng Iba-Ibang Lahi na isingawa ng EOC

1,114 Reklamo ang Hinawakan

	Kasong may kinalaman sa trabaho	Walang kinalaman sa trabaho	Kabuuang Bilang
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kapansanan	463	150 (Tanda# 1)	613
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kasarian	397	36	433
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Lahi	13	26	39 (Tanda #2)
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Katayuan ng Pamilya	23	6	29 (Tanda #3)

463 Reklamo sa Ilalim ng Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kapansanan na may kinalaman sa trabaho – karamihan ng mga reklamo ay may kinalaman sa pagliban ng dahil sa sakit o kapansanang sinapit ng dahil sa trabaho

Diskriminasyon ng dahil sa kapansanan	422
Panggigipit ng dahil sa kapansanan	37
Pang-aapi ng dahil sa kapansanan	4
Kabuuang bilang:	463

397 kaso sa paggawa sa ilalim ng Batas Kontra Diskriminasyon Dahil sa Kasarian – karamihan ng mga reklamo ay tungkol sa panggigipit sa mga buntis, at sekswal na panggigipit

Diskriminasyon sa mga buntis	227
Sekswal na panggigipit	113
Pang-aapi	21
Diskriminasyon dahil sa kasarian	31
Diskriminasyon sa may-asawa	5
Kabuuang bilang :	397

Tanda#1: 150 reklamo sa trabaho na may kinalaman sa Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kapansanan – karamihan ay may kinalaman sa paghahatid ng produkto,

serbisyo at pasilidad sa may kapansanan, at ang pagbibigay ng daanan para sila makapasok sa opisina

Tanda#2: 39 kaso sa ilalim ng Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Lahi – karamihan ng mga reklamo ay walang kinalaman sa trabaho (halimbawa, diskriminasyon sa paghahatid ng produkto, serbisyo at pasilidad)

Tanda#3: Katulad ng Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kasarian at Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kapansanan, karamihan ng mga reklamong isinampa sa ilalim ng Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Katayuan ng Pamilya ay may kinalaman sa trabaho

Legal na tulong

	Ibinigay	Hindi ibinigay	Pinag-aaralan pa	Iniatras
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kapansanan	18	19	11	1
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kasarian	12	3	3	-
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Katayuan ng Pamilya	-	1	-	-
Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Lahi	-	1	-	-
Kabuuang Bilang:	30	24	14	1

69 kasong hinawakan – 30 kaso ang nabigyan ng legal na tulong, 24 ang hindi binigyan, 14 na kaso ang pinag-aaralan pa, at 1 kaso ang inatras

Mga pangunahing dahilan sa pagbibigay ng legal na tulong:

- Para magtakda ng panuntunan sa mga kasong tinatalakay ang mahahalang usapin na may kinalaman sa batas
- Para magpalaganap ng kaalaman sa mga kaso ng diskriminasyon na patuloy pa ring nangyayari sa Hong Kong, halimbawa ay ang diskiminasyon laban sa mga

buntis at pagbibigay ng daanan papasok sa opisina

- Para maisakatuparan ang pagbabago sa sistema tungo sa pagtatanggal ng diskriminasyon

Mga pangunahing dahilan sa pagtangging magbigay ng legal na tulong:

- Hindi sapat ang ebidensiya para maipanalo ang kaso sa korte
- Walang katanungan tungkol sa prinsipyo ng batas na napapaloob sa kaso
- Walang makabuluhang resulta ang matatamo sa pagsasampa ng kaso

Mga Kundisyon sa Pag-aayos

Mga Kundisyon sa Pag-aayos o Pagbibigay ng Legal na Tulong:

- pagbabayad ng danyos; pag-aalok ng trabaho, pagbabalik sa trabaho, pagbibigay ng donasyon sa nangangailangan
- pagbibigay ng benepisyo, pagbibigay ng pagsasanay, pagbibigay ng produkto, serbisyo at pasilidad, at pagsasaayos sa pasilidad at daanan papasok sa opisina
- sulat ng pagsusog; panghingi ng dispensa; pagtanggap ng paliwanag ng inireklamo
- pagbabago ng patakaran, pangako na titigilan ang diskriminasyon sa gawain, babala sa pag-ulit ng ginawang diskriminasyon; pagpataw ng parusa

Mga Mahalagang Lathalain at Susog

- 13 susog sa Legco at mga pangkahalatang ahensiyang may kinalaman sa karapatang pantao, katulad ng mga karapatan ng mga taong may kapansanan, pagtanggal ng diskriminasyon ng dahil sa lahi, at mga karapatang pambata
- Panuntunan para sa Paggawa sa Ilalim ng Race Discrimination Ordinance na isinulat sa 8 lenggwahe
- Ang polyetong pinamagatang “Race Discrimination & I” na isinulat sa 8 lenggwahe
- Tulong Paglilinaw tungkol sa Legal na Tulong na Ibinibigay ng EOC Isinagawa para sa 2010/11
    - Binagong Panuntunan sa Paggawa sa Ilalim ng Batas Kontra Diskriminasyon ng Dahil sa Kapansanan
    - Pormal na Ulat ng Pag-aaral tungkol sa Pagbibigay-Daan Para sa May Kapansanan

Mga bagay na Pinansyal

Kabuuang kita	HK$87.43M
Kabuuang gastusin	HK$87.42M
Natirang Pondo	HK$0.01M

*Kasama sa kabuuang kita ang HK$85.64M na tulong mula sa gobyerno at ibang kita na nagkakahalaga ng HK $2.78 M

Mga pinagkagastusan

Mga tanong, reklamo, imbestigasyon at pag-aayos	HK$31.52M
Programa para sa pagpapalaganap at pag-aanunsiyo sa publiko	HK$19.74M
Pag-uusad, pagsasaliksik at pagsasanay tungkol sa polisiya	HK$11.79M
Bayad para sa pagsasanay at pagkukunsulta	HK$6.10M
Pagbibigay ng legal na tulong	HK$13.62M
Ibang gastusin sa pagbigay ng legal na tulong	HK$4.65M
Kabuuang Gastusin:	HK$87.42M

Address : 19/F, Cityplaza Three, 14 Taikoo Wan Road, Taikoo Shing, Hong Kong
Telepono : 2511 8211
Website : www.eoc.org.hk
Fax : 2877 7600
e-mail : eoc@eoc.org.hk
EOC sa YouTube : www.youtube.com/user/hkeoc